

2018 PAMBANSANG BADYET

Isang Badyet na Mapagpahaman at Mapagbago

Higit na pinatatatag ng 2018 Badyet ang pundasyon ng daan patungo sa pagiging kompetitibo sa daigdig at lipunang pinagkakatiwalaan na pakikinaabangan ng LAHAT ng Filipino, lalong-lalo na ang mga susunod na henerasyon. Narito ang sumusunod na pangunahing priyoridad na gugugulin para sa taóng 2018.

MGA PANGAKO NG PANGULO

Sinuportahan ng 2018 Badyet ang katuparan ng mga pangako ni Pangulong Duterte noong panahon ng kampanya.

Unibersal na Akses sa De-kalidad na Edukasyong Tertiaryaryo

PhP40.0 B para sa libreng matrikula ng mga estudyante sa mga Pampamahalaang Unibersidad at Kolehiyo (SUCs) at iba pa

Karagdang Suweldo sa mga Militar at Unipormadong Kawani

PhP64.2 B para iayon ang suweldo ng mga militar at unipormadong kawani na kinalang kritikal na gampanin sa pambansang seguridad, kapayapaan at kaayusan

Libreng Patubig

PhP2.0 B para saklawin ang halaga ng libreng patubig ng mga magsasakang nagmamay-ari ng walo (8) o mas mababang ektarya ng lupain, kabilang ang amnestiya para sa lahat ng hindi pa nababayaranang butaw para sa irigasyon

Programa para sa Rehabilitasyon at Pagbangon ng Marawi

PhP10.0 B para sa muling pagpapatayo ng mga nasirang bahay at impraestruktura, at upang tugunan ang pangangailangan ng 465,684 indibidwal na napaalis dahil sa digmaan sa Marawi

PAGPAPATAAS SA POTENSIYAL NG PAG-UNLAD

Pagtuon sa pagtataguyod ng ekonomiyang pangkarunungan ang susi upang maipagpatuloy at higit na mapabilis ang pag-unlad ng bansa.

Paglikha ng Yamang Tao sa STI

PhP4.0 B upang magkaloob ng iskolarisip para sa 36,997 iskolar sa agham at teknolohiya

Libreng Wi-Fi Akses sa mga Publikong Lugar

PhP1.7 B para sa Libreng Wi-Fi Internet Akses sa mga publikong lugar, kabilang sa mga SUC

Small Enterprise Technology Upgrading Program

PhP848 M upang pagkalooban ng ayuda ang mga micro, small, and medium enterprise upang palakasin ang kanilang pagiging produktibo at kompetitibo

National Government Portal

PhP372 M upang mabigyan ang mga mamamayan nang higit na mabilis, mapagkakatiwalaan, at higit na madaling akses sa mga impormasyon at serbisyo ng pamahalaan

PAGBABAGONG NAKAPAGPAPABAWAS NG DI-PAGKAKAPANTAY-PANTAY

Ang pangunahing layunin ng Administrasyong Duterte ay iparamdam sa bawat Filipino ang "tunay na positibong pagbabago".

Pagpapabilis sa Human Capital Development

Para sa taóng 2018, mananatiling tapat ang pamahalaan sa pangako nitong tulungan ang bawat mamamayan upang maabot ang kaniyang ganap na potensiyal at pagiging produktibo.

PhP672.4 B para sa Sektor ng Edukasyon

- **PhP580.6 B** para sa Batayang Edukasyon
- **PhP 115.7 B** para sa Edukasyong Tertiaryaryo
- **PhP 7.6 B** para sa Edukasyong Teknikal-Bokasyonal

PhP179.4 B para sa Sektor ng Kalusugan

- **PhP 60.6 B** para sa National Health Insurance Program
- **PhP 30.3 B** para sa Health Facilities Enhancement Program
- **PhP 7.4 B** para sa National Immunization Program

Pagbabawas sa Kahinaan ng mga Indibidwal at Pamilya

Binibigyan ng mabigat na importansiya ng Administrasyong Duterte ang pagkaloob ng benepisyo sa mahihinang pangkat upang tulungan sila sa mga sitwasyong nagbabanta sa kanilang kapakanan.

PhP89.4 B

Conditional Cash Transfer Program

PhP19.3 B

Social Pension for Indigent Senior Citizens

Pagpapalawak sa Agrikultura, Pangangasiwa ng Gubat, at Pangisdaan

Pagpapabuti at pag-aangat sa buhay ng mga magsasaka at mangangisda, na kabilang sa mga pinakamahirap sa bansa, ay nananatiling priyoridad sa 2018.

PhP142.7 B

para sa Sektor ng Agrikultura, Pangangasiwa ng Gubat, at Pangisdaan

PhP9.9 B

para sa pamamahagi ng lupa sa mga magsasakang walang lupa

Pagpapalakas sa Sektor ng Industriya at Serbisyo

Ang mga Sektor ng Industriya at Serbisyo ay nananatiling kabilang sa mga sektor na pinakamabilis ang pag-unlad sa bansa at nagtutulak upang umunlad ang ekonomiya.

PhP1.0 B para sa Shared Services Facilities Program

PhP518 M para sa pagtatatag ng mga Negosyo Centers



Inilathala ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala ng Filipinas-Serbisyong Impormasyon sa Badyet at Pagsasanay sa tulong ng Komisyon sa Wikang Filipino | www.dbm.gov.ph

PAGPAPABUTI NG INTEGRIDAD PANLIPUNAN

Upang makamitan ang inklusibong pag-unlad, ibinabalik ng pamahalaan ang tiwala at kumpiyansa ng mga mamamayan nito.



Pag-aalis ng Korupsiyon sa Pamahalaan

Bilang suporta sa pakikidigma ng Pangulo laban sa korupsiyon sa burokrasya, popondohan ng 2018 Badyet ang sumusunod:

PhP19.7 B para sa **Kagawaran ng Pananalapi** upang ipatupad ang mga programang tulad ng Run After Tax Evaders (RATE), Oplan Kandado, at iba pa

PhP2.7 B para sa **Tanggapan ng Tanodbayan** upang aksiyunang ang 77% ng mga karaingan at kahilingan, isagawa ang 20% ng mga imbestigasyon upang mangalap ng datos, at usigin ang 17.9% na kaso

Pagbibigay-kapangyarihan sa mga Mamamayan

Itinataguyod ng pamahalaan ang pakikisangkot at pakikilahok ng mga mamamayan upang mapabuti ang implementasyon at pagmomonitor ng mga programa, aktibidad, at proyekto.



PhP38 M para sa implementasyon ng Anti-Red Tape Act



PhP26 M para sa Public Assistance and Contact Center ng Bayan Project

Mabilis, Patas, at Naaabot na Hustisya

Ang mga batas at legal na tulong ay kailangang naaabot ng mahihirap. Naglaan ang 2018 Badyet upang matiyak na naaabot at napaglilingkuran ng hustisya ang mga pinakamahirang sektor.



PhP34.3 B
Ang Hudikatura

PhP28.8 B para sa pagpapatakbo ng Kataas-taasang Hukuman (SC) at 2,225 mababang hukuman

PhP0.9 B para sa konstruksiyon ng 23 Bulwagan ng Katarungan



PhP18.5 B
Kagawaran ng Katarungan

PhP5.6 B para sa mga serbisyo ng pagpapatupad ng batas

PhP3.0 B para sa mga libreng serbisyong legal sa mahihirap at ibang kalipikadong indibidwal

Pag-aangkop sa Laki ng Pambansang Pamahalaan

Layunin ng National Rightsizing Program na tugunan ang pangangailangang paghusayin ang operasyon ng pamahalaan, bilang sagot sa dumaraming kahilingan para sa higit na mabilis, mabuti, at episyenteng serbisyo.

Sino ang saklaw nito?

Lahat ng kagawaran at ahensiya ng Ehekutibong Sangay

Hindi kabilang sa Programa:

Mga mababa at mataas na paaralang publiko, ospital ng gobyerno, at militar at unipormadong kawani

PAGMAMANTENE SA PUNDASYON PARA SA NAPANANATILING PAG-UNLAD

Ang isang lipunan na pinatatatag ng kapayapaan, seguridad, maunlad na impraestruktura, at pinangangalagaang ekolohikal na integridad ay lumilikha ng higit na maraming oportunidad para sa higit na produktibong bansa na kompetitibo sa daigdig.

Pagpapabilis ng Pag-unlad ng mga Impraestruktura

Patuloy na pagbubutihin at palalawakin ang impraestruktura para sa napananatiling pag-unlad, at upang maabot ang target na pagggugol para sa impraestruktura na 7.3% ng GDP pagsapit ng taóng 2022.



PhP424.9 B
para sa Transportasyong Panlansangan



PhP22.3 B
para sa Transportasyong Panriles



PhP9.8 B
para sa Transportasyong Panghimpapawid



PhP3.5 B
para sa Transportasyong Pandagat

Pagsusulong ng Katarungan at Pangmatagalang Kapayapaan

Pag-iibayuhin ang mga aktibidad na nagsusulong ng kapayapaan sa mga komunidad na mahihina at naaapektuhan ng hidwaan, partikular ang Mindanao.

PhP10.2 B para sa ARMM Infrastructure Program

PhP7.3 B para sa PAYapa at MASaganang PamayaNan (PAMANA) Program

Pagtitiyak sa Seguridad, Publikong Kaayusan, at Kaligtasan

Patuloy na pagbubutihin ng Administrasyong Duterte ang panloob na seguridad ng bansa at kakayahang magtanggol sa pamamagitan ng pamumuhunan sa Sektor ng Tanggulan.



Sandatahang Lakas ng Pilipinas

- **PhP64.0 B** para sa Hukbong Katihan ng Pilipinas
- **PhP 21.3 B** para sa Hukbong Dagat ng Pilipinas
- **PhP 19.8 B** para sa Hukbong Himpapawid ng Pilipinas

PhP144.1 B



Pambansang Pulisya ng Pilipinas

- **PhP 110.2 B** para maiwasan at mapigilan ang krimen
- **PhP667.9 M** para sa imbestigasyon ng krimen

PhP132.3 B

Pangangalaga para sa Malinis na Kaligiran

Nararapat na mabigyan ang lahat ng malinis na hangin, makainom ng malinis na tubig, at makapamuhay sa malinis at malusog na kaligiran.

- **PhP 5.2 B** para sa National Greening Program
- **PhP97.0 B** para sa Flood Control
- **PhP19.6 B** para sa National Disaster Risk Reduction and Management Program

